# REHIMENG US-MARCOS II ANG MAYSALA
## SA PINSALANG TINAMO NG BAYAN
# SA PANAHON NG KALAMIDAD

**MASYADONG MINAMALAKI** ng reaksyunaryong rehimeng US-Marcos II ang usapin ng *solid waste management* at pagkakaingin bilang dahilan ng malalang pagbaha at pinsala sa nagdaang kalamidad na Carina, Butchoy at habagat. Hindi katanggap-tanggap ang kanyang mga boladas! Ang kainutilan at kriminal na kapabayaan ni Marcos II at ang imperyalistang pandarambong ang tunay na sanhi ng pagdurusa ng mamamayan.

### 1 PALPAK, PALYADO AT PAKITANG-TAO ANG *DISASTER RESPONSE* NG GUBYERNO

Naghuhumiyaw ang daing ng milyun-milyong nasalanta ng kalamidad. Kulang na kulang ang iilang kilong bigas at ilang pirasong sardinas at noodles para sa ilang araw na konsumo ng bawat pamilyang benepisyaryo nito. Lalo namang inilulubog ng DA ang mga nasalantang magsasaka, na lunod na nga sa utang sa produksyon, ay aalukin pa ng pautang sa halip na ayuda.

Pakitang-tao, pili at reaksyunaryo ang *disaster response* ng gubyernong Marcos Jr. Ginagamit nito ang sakuna upang isalba ang bulok nitong imahe. Sa kanayunan, ginagamit ng pasistang AFP-PNP sa mga *relief operation* sa desperasyong linisin ang kanilang mga kamay na tigmak ng dugo ng mga biktima ng nagpapatuloy na militarisasyon sa mga komunidad ng magsasaka, manggagawa at katutubo.

### 2 PALIIT NANG PALIIT ANG INILALAANG *CALAMITY FUND* NG GUBYERNO SA KABILA NG PAGIGING BULNERABLE NG BANSA SA MGA KALAMIDAD

Bumaba ng P470 milyon ang inilagak na *calamity fund* mula sa pambansang badyet nitong 2024. Maliit na nga, mahirap pang iakses ang pondo. Sa Rizal, dumanas ng ilang araw na kagutuman ang mga apektadong residente dahil sa hindi kagyat na paglalabas ng pondo para sa relief operations. Dahil sa labis na kakulangan ng pondo, halos mamalimos ang mga LGU sa mga *non-government organizations* (NGO) para magkaroon ng sapat na maipamamahaging *relief goods* sa kani-kanilang saklaw.

### 3 LANSAKANG NILULUSTAY NG GUBYERNONG MARCOS JR. ANG PONDO NG BAYAN NA LAAN SA PAGTUGON SA SAKUNA

Noong SONA, ipinagmalaki ng administrasyong Marcos Jr. ang 5,500 *flood control projects* na pinondohan ng P244.57 bilyon. Napatunayang walang pakinabang ang mga proyektong ito sa harap ng matinding pag-ulan at pagbaha. *Substandard* ang mga imprastraktura dahil kinukurakot ang pondo at patsi-patsi ang pagpapatupad ng mga proyektong *flood control* kaya't hindi naging epektibo. Taun-taon ding pinopondahan ang pagpapatayo at pagsasaayos ng mga *evacuation center* pero hindi pa rin ito sapat hanggang ngayon para akomodahin ang mga nasalanta.

Pinalolobo ang pondo ng mga proyektong ito para paghahati-hatian nina Marcos, ng kanyang mga kontratistang kroni, ng mga korap na opisyal ng DPWH at ng mga kasabwat na lokal na burukrata-kapitalista.

### 4 PINALALALA NG MGA MAPANGWASAK NA PROYEKTO NG GUBYERNONG MARCOS JR. ANG MGA KALAMIDAD

Ipinagpapatuloy ang patakaran ng pagwasak sa kapaligiran alang-alang sa tubo ng mga kapitalista, tulad noong diktadurang US-Marcos Sr. kung saan naubos ang higit 8 milyong ektarya ng kagubatan dahil sa malawakang pagtotroso, mina at pagtatayo ng mga pastuhan ng kanyang mga kroni at mga imperyalistang bansa.

Ngayon, kaliwa't kanan ang operasyon ng mga mapanirang negosyo. Sa Rizal, may operasyong *quarry* at mina na sumasaklaw sa 3,622 ektarya kasama ang Upper Marikina River Watershed, at patuloy ang konstruksyon ng mapanganib na Kaliwa-Kanan Dam. Sa Oriental Mindoro, binabaha ang Baco, Naujan, Calapan, at Victoria dahil sa patuloy na mapangwasak na operasyon ng Sta. Clara Power Corporation (SCPC) at paparami ang bilang ng nagku-*quarry* sa kahabaan ng Mag-asawang Tubig at Bucayao River. Sa Timog Palawan, dayuhan at malakihang pagmimina ang dahilan kung bakit bumilis ang pagbaha gayong dati itong hindi bahaing lugar.

### 5 LALONG NAGIGING BULNERABLE SA KALAMIDAD ANG MAMAMAYAN DAHIL SA MGA ANTI-MARALITANG PATAKARAN NG GUBYERNO

Walang balak ang inutil na gubyerno na lutasin ang suliranin para sa ligtas at maayos na panirikan ng maralitang mamamayan. Alam na nga't mapanganib, pilit pa ring itinatayo ng gubyerno ang mga *relocation sites* sa mga *hazardous areas* gaya ng sa Rizal at Cavite kaya't lalong lumalaki ang bilang ng maralitang napipinsala sa panahong may kalamidad.

Biktima rin ng dislokasyon ang libu-libong magsasaka dahil sa malawakang pangangamkam ng lupa sa kanayunan para bigyang-daan ang mga *development projects* ng malalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa na pinapaboran ng rehimen. Sa Batangas, daanlibong nadislokang magsasaka ang naoobligang manirahan sa mga mapanganib na lugar at nalalayo sa kanilang pook-kabuhayan.



*Larawan ng baha sa San Rafael, Wawa, Rodriguez, Rizal*

# ANO ANG DAPAT GAWIN NG MAMAMAYAN?

**1** Panagutin ang rehimeng US-Marcos II sa kriminal na pagpapabaya sa panahon ng kalamidad. Isakdal ang gubyernong Marcos Jr. sa lansakang pagnanakaw nito sa pondo ng bayan at palpak na *disaster response.*

**2** Kundenahin ang rehimeng US-Marcos II sa pagpapahintulot sa mga proyektong mapangwasak sa kalikasan. lantad ang *greenwashing* o pagpoposturang makakalikasan ng gubyernong Marcos Jr. para gawaing pantabing sa mga dambuhalang proyekto na itinutulak ng imperyalismong US at iba pang dayuhang monopolyo-kapitalista.

**3** Magtulungan at maglunsad ng mga proyekto ng pagbangon. Ilunsad ang kampanyang relief at rehabilitasyon para sa pagkukumpuni ng mga nasirang ari-arian at pagsasaayos ng mga nasirang pananim.

**4** Ilunsad ang kampanya sa rebolusyong agraryo at isulong ang minimum na programa ng reporma sa lupa. ipaglaban ang pagpapawalambisa ng utang sa produksyon ng mga magsasakang nasalanta ang hindi bababa sa 20 porsyento ng kanilang inaasahang ani.

**5** Bumuo ng mga lokalisadong programa sa pagtugon sa sakuna. Buuin at paganahin ang mga komite ng mamamayan na mangunguna sa pagsasaayos at pagpapatupad ng mga plano sa organisadong paglikas, rescue at pagtitiyak sa pagkain at iba pang pangangailangan ng komunidad sa panahon ng emerhensya. Magbalangkas ng plano para sa pagbangon na naka-ayon sa sosyo-ekonomikong programa ng Demokratikong Gubyernong Bayan.

**6** Makipag-ugnayan at kapit-bisig sa pinakamalawak na hanay na mamamayan para sa sama-samang pagbangon mula sa sakuna. Paramihin ang mga kasapi ng organisasyong masa sa kanayunan at kalunsuran. Makipag-alyansa sa mga panggitnang pwersa at mobilisahin ang mga kaibigan ng rebolusyon upang isulong ang karapatan ng mamamayan kahit sa gitna ng sakuna.

**7** Itaguyod ang pangangalaga sa kalikasan. Ilunsad ang kampanyang edukasyon sa layuning ipalaganap ang epekto ng patuloy na pangwawasak sa kalikasan dahil sa proyektong dam, mina at *quarry*. tuluy-tuloy na ikampanya sa taumbaryo ang tamang pagtatapon ng iba't ibang klase ng basura at sistema ng *"recycling"*.

# MAMAMAYAN,
## MAGKAISA AT KUMILOS!
# SAGIPIN ANG BAYAN
## MULA SA PANANALASA NG KALAMIDAD AT KAPABAYAAN NG REHIMENG US-MARCOS II!

NATIONAL DEMOCRATIC FRONT
NDF
SOUTHERN TAGALOG